Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

July 3, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 134, s. 1987

SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA MABISANG PAGTUTURO NG FILIPINO AYON SA HAMON NG BAGONG SALIGANG-BATAS

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pangpamahalaan

1. Ang Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, sa tulong ng Surian ng Wikang Pambansa, ay magdaraos ng seminar-gawaing kapulungan sa pagtuturo ng Filipino sa Bagong Aklatan ng nasabing Dalubhasaan sa Agosto 5-7, 1987, kaugnay ng itinatadhana ng Bagong Saligang-Batas at ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 52, s. 1987 (Patakaran sa Edukasyong Bilingguwal ng 1987).

2. Ang paksang-diwa ng seminar na ito ay "Mabisang Pagtuturo ng Filipino ayon sa Hamon ng Bagong Saligang-Batas."

3. Pagkatapos ng seminar-gawaing kapulungang ito, inaasahang ang mga dadalong kinatawan ay:

a. makauunawang lubos sa isinasaad ng Bagong Saligang-Batas hinggil sa mga probisyong pangwika na nagtatakda sa Filipino bilang midyum/panturo sa mga paaralan at sa patuloy na pagpapairal ng patakarang bilingguwal;

b. mabisang makatatalakay at makagagamit ng iba't ibang istratehiyang pampagtuturo upang matugunan ang mga pangangailangang pangwika at pampanitikan alinsunod sa Bagong Konstitusyon; at

k. makapaghahanda ng mga huwarang kagamitan, batayang aklat at iba pang pantulong sa pagtuturo bilang pagtugon sa hamon ng Bagong Saligang-Batas.

4. Ang lahat ng kinatawan ng mga kawanihan at tanggapang Sentral ng DECS, mga panrehiyon at pandibisyong mga tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, mga puno ng kagawaran ng Filipino, at sinumang hihirangging kinatawan ng mga paaralang elementarya, sekundarya, kolehiyo at unibersidad, maging pampamahalaan o pribado man, ay dapat dumalo sa seminar na ito.

5. Mangyaring ihanda at ipadala sa dadalong kinatawan ang mga sumusunod:

a. Koleksyon ng mga literaturang katutubo sa kani-kanilang pook na naglalahad o naglalarawan ng unikong kultura o buhay o pagpapahalaga (values) sa kanilang pook; at

b. Mga suliranin o katanungan sa mga paksa o lawak na tatalakayin ng gawaing-kapulungan.

6. Manggagaling sa pondong lokal na nasasailalim ng pag-aawdit at pagtutuos ang ibabayad na dalawandaan at limampung piso (P250.00) ng bawat kinatawan para sa mga "handouts", sertipiko at iba pang gastos sa seminar.

7. Inaasahang ang Memorandum na ito ay palaganapin sa mga kinauukulan upang mabisang maipatupad ang mga nilalayon nito.

(SGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Sanggunian:
DECS Orders: Nos. 52 and 54, s. 1987

Pamamudmod: 1-2-3-4--(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
Course of Study, COLLEGIATE
" " , ELEMENTARY
" " , SECONDARY
LANGUAGE
OFFICIALS
SEMINAR
TEACHERS
WORKSHOP